Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
**PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (PAMB)**
**MOUNT CALAVITE WILDLIFE SANCTUARY**
Paluan, Occidental Mindoro

**KATITIKAN SA GINANAP NA REGULAR NA PAGPUPULONG NG PAMB-MCWS NA IDINAOS NOONG NAKARAANG PEBRERO 28, 2022, ARAW NG LUNES, GANAP NA IKA 10:00 NG UMAGA SA NAPS-EMERALD RESTO BAR, BARANGAY PAYOMPON, MAMBURAO, OCCIDENTAL MINDORO.**

**MGA DUMALO:**

**PAMB Members:**

| | |
|---|---|
| 1. Lormelyn E. Claudio | Regional Executive Director MIMAROPA ( via zoom) |
| 2. Engr. Anthony A. Dantis | Provincial Governor Eduardo B. Gadiano Representative |
| 3. Mr. Albert A. Dimaano | Mun. Mayor Michael M. Pangilinan Representative |
| 4. Mr. Domingo A. Tamayo Jr. | Punong Barangay, Alipaoy Paluan, Occ. Mindoro |
| 5. Mr. Menardo T. Toriana | Punong Barangay, Harrison, Paluan, Occ. Mindoro |
| 6. Ms. Grace Diamante | NGO, MBCFI Director (via zoom) |
| 7. Engr. John Rannel Duenas | Private Sector Representative, Paluan, Occ. Mindoro |
| 8. Mr. Glester Malibiran | DOST Representative (via zoom) |
| 9. Mary Ann Aceveda | Director, MIMAROPA M.Gen. Ruben L. Carandang (via zoom) |
| 10. PCapt. Dennis C. Tariga | PNP MIMAROPA Representative |
| 11. Floranti Guilagid | Chieftain Barangay Alipaoy |
| 12. Piling Villanueva | Chieftain Barangay Harrison |

**Secretariat/MCWS/PAMO Staff**

| | |
|---|---|
| 1. Mr. Orlando R. Ramos | Forester II/ PASu, MCWS PAMO, CENRO Sablayan |
| 2. Mr. Pedro A. Marmol | ECOMS I/Asst.PASu, MCWS PAMO CENRO Sablayan |
| 3. Mr. Adelaido D. Taneo Jr. | FT I/CEPA Focal Person, MCWS PAMO CENRO Sablayan |
| 4. Ms. Adelaida O. Diwa | Forest Ranger, MCWS PAMO CENRO Sablayan |
| 5. Ms. Marites M. Castillo | Forest Ranger MCWS PAMO CENRO Sablayan |
| 6. Mr. Marlon L. Alfaro | Forest Ranger MCWS PAMO CENRO Sablayan |
| 7. Ms. Jasmine H. Sabangan | EMS MCWS PAMO CENRO Sablayan |
| 8. Mr. Allan L. Calanao | Park Ranger MCWS PAMO CENRO Sabalyan |
| 9. Mr. Mario Benedicto S. Salvio | Park Ranger/GIS MCWS PAMO CENRO Sabalyan |
| 10. Mr.Jacinto Gedaca | Park Ranger MCWS PAMO CENRO Sabalyan |
| 11. Ms. Romelyn Manzala | Park Ranger MCWS PAMO CENRO Sabalyan |
| 12. Mr. Lysander Marino | Park Ranger MCWS PAMO CENRO Sabalyan |
| 13. Ms. Jellyca T. De Roa | Park Ranger MCWS PAMO CENRO Sabalyan |



Scanned with CamScanner

| | |
|---|---|
| 14. Mr. Von Edward P. Vallestero | Park Ranger MCWS PAMO CENRO Sabalyan |
| 15. Mr. Alberto Alfaro | Park Ranger MCWS PAMO CENRO Sabalyan |
| 16. Mr. Reymark R. Estoy | Park Ranger MCWS PAMO CENRO Sabalyan |
| 17. Mr. Jan Erick F. Tagumpay | Park Ranger MCWS PAMO CENRO Sabalyan |
| 18. Mr. Ryan Jay A. Tarcena | Park Ranger MCWS PAMO CENRO Sabalyan |
| 19. Mr. Omar Christopher Villas | Park Ranger MCWS PAMO CENRO Sabalyan |
| 20. Mr. Markgil Parisan | Tamaraw Ranger TCP |
| 21. Mr. Michael Gatmaitan | Tamaraw Ranger TCP |

**Guest/Resource Person**

| | |
|---|---|
| 1. Mr. Ernesto E. Tañada | PENR Officer, Occidental Mindoro |
| 2. Mr. Victorio P. Capitan | TSD Chief, PENRO Occidental Mindoro |
| 3. Mr. Anastacio A. Santos | CENR Officer Sablayan, Occidental Mindoro |
| 4. CPL Richard Sanchez | 761B Philippine Army |
| 5. Mr. Rolando A. Garcia | CENRO Sablayan Staff |
| 6. Mr. Antonio V. Ungria | CENRO Sablayan Forest Ranger |
| 7. Mr. Julie Tanggilig | CSD Region |
| 8. Mr. Francis Joel A. Sayre | Pacific Wind Renewable Coorporation |
| 9. Mr. Mark Damar B. Calagui | Pacific Wind Renewable Coorporation |
| 10. Lt. Col. William Romero | 761B Battalion Commander, Philippine Army |
| 11. Capt. Mike Malacad | 761B P10 Officer, Philippine Army |

**Pagsisimula**

**1. Pambungad na Panalangin**

Nagsimula ang pagpupulong sa ganap na ika- 10:00 ng umaga na pinangunahan ng isang panalangin sa pamamagitan ng isang video presentation.

**2. Pag-awit ng Pambansang Awit ng Pilipinas**

Ang panalangin ay agad namang sinundan ng Pambansang Awit ng Pilipinas sa pamamagitan din ng video presentation.

**3. Pambungad na Pananalita**

Humingi ng isang pangbungad na pananalita si Forest Technician I Adelaido D. Taneo Jr. sa Protected Area Superintendent sa katauhan ni Orlando R. Ramos at agad naman niyang pinaunlakan ito.

Nagpasalamat si Protected Area Superentendent Orlando R. Ramos kay Forest Technician I Adelaido D. Taneo Jr. . Bumati ito kay Regional Executive Director Lormelyn E. Claudio at sa Protected Area Management Board Members at sa lahat ng dumalo ng pag pupulong ng isang Maganda at Makakalikasang Umaga sa lahat. Sinabi nito na malugod na tinatanggap ang mga dumalo sa pagpupulong. Sinabi din nito na sana ay maisaayos at makabalangkas ng mga batas na higit pang makaka-



Scanned with CamScanner

pagpatibay sa pinangangalagaang pook at muli itong nag pasalamat bilang pagtatapos ng pambungad na pananalita.

Humingi si Forest Technician I Adelaido D. Taneo Jr. ng isang pananalita kay Regional Executive Director Lormelyn E. Claudio at agad naman itong pinaunlakan nito.

Bumati ito ng isang Magandang Umaga kay PASu Orlando R. Ramos sa PAMB Members at sa iba pang dumalo ng pagpupulong.

**Karampatang Pagpupulong**

1. **Pagtawag sa mga kasapi at pagpapatunay sa Korum**

Nagpasalamat si Forest Technician Adelaido D. Taneo Jr. kay Regional Executive Director Lormelyn E. Claudio at Protected Area Superintendent Orlando R. Ramos sa pagbibigay ng pananalita. Matapos magpasalamat ipinakilala ni Forest Technician I Adelaido D. Taneo Jr. ang mga kabilang sa pagpupulong na face to face at via zoom. Pinakilala nito ang DENR MCWS-PAMO Staff, si OIC Regional Director Lormelyn E. Claudio, DOST Regional Director Dr. Ma. Josefina P. Alibay, Provincial Government Representative Engr. Anthony A. Dantis, OMSC Campus Director Dr. Josue C. Delfin, LGU Paluan Representative Albert A. Dimaano, Engr. John Rannel Dueñas Private Sector Representative, Punong Barangay Hon. Menardo T. Toriana, Punong Barangay Hon. Domingo A. Tamayo Jr. , Punong Balayan Piling Villanueva, Punong Balayan Florante Guilagid, MBCFI Director Grace C. Diamante, NEDA Director Agustin C. Mendoza, Department of National Deffense MIMAROPA Representaive Mary An Aceveda, PNP Representative PLT. Dennis C. Tariga at malugod na pagtanggap at pagbati ng isang magandang umaga sa lahat.

2. **Pagbasa at pagpapatibay sa katitikan ng nakaraang pagpupulong**

Sinabi ni Regional Executive Director Lormelyn E. Claudio na bago magsimula ang pagpupulong na talakayin o pagsuri ng katitikan ng 4th Quarter PAMB Meeting at kung may nais baguhin o alisin sa nakaraang katitikan ay maari itong sabihin sa secretariat upang ito ay mabago at maitama at sumang ayon ang lahat dito.

*Kung kaya't sa mungkahi ni RED Lormelyn E. Claudio na pinangalawahan ni PAMB Member Engr. John Rannel Dueñas ay pinagtibay ang iwinastong katitikan ng nakaraang pagpupulong noong ika Nobyembre 16,2021.*

3. **Mga bagay o usapin na nagmula o nakalap sa katitikan ng nakaraang pulong.**

Sa pagsisimula ng pagsusuri binasa ni Park Ranger Jellyca T. De Roa ang katitikan 4th Quarter PAMB Meeting, sa kadahilanang mabagal ang internet connection sa lugar hiniling ni Regional Executive Director Lormelyn E. Claudio na ipakita sa screen upang mabasa at maunawaan ng mga dumalo sa pagpupulong via



Scanned with CamScanner

zoom. Sinabi ni RED Lormelyn E. Claudio na mayroong mungkahi na sa susunod na pagpupulong ay magbigay ng maagang pagbibigay ng kopya ng minutes of the meeting sa mga kalahok ng pagpupulong. Sinabi ni PASu Orlando R. Ramos na nagbigay na nang paunang kopya ng minutes dalawang linggo bago ang pagpupulong sa mga kalahok ng pagpupulong at inaasahan niya na nabasa ito bago maganap ang pagpupulong. Sinabi ni RED Lormelyn E. Claudio na dahil nabigyan na nang paunang kopya ang mga kalahok sa pagpupulong ay ipagpatuloy na ang pagsusuri sa katitikan. Sinabi ni PASu Orlando R. Ramos binasa namin ang mga resolutions na ginawa namin simula ng unang PAMB Meeting 2021 Fourth Quarter ay nireflect namin dito dahil nagtanong ng pagsasaayos sa kahilingan ng ilang PAMB members at naging klaro naman po to sa kanila.Hiniling ni RED Lormelyn E. Claudio na i share screen ang importanteng nilalaman ng katitikan (highlights) . Sinabi ni PASu Orlando R. Ramos dahil ngayon lang nila narinig ang highlights ng meeting sa kadahilanang wala nito sa dating pagpupulong kayat sinabi nito na magkakaroon nang highlights ng katitikan sa mga susunod na pag-gawa ng katitikan. Kayat hiniling ni RED Lormelyn E. Claudio na ishare screen nalang ito upang mabasa at mabigyan ng kumento at pagsasaayos. Sinimulan ito sa unang pahina ng katitikan kung saan nakapaloob ang mga listahan ng mga dumalo (attendance) at tanong nito kung walang nakalimutan ilagay sa mga dumalo, wala naman po ang sagot ng marami sa pagtatanong ni PAMB member Albert A. Dimaano patungkol sa pagsusulat ng pangalan ng mga PAMB members na may nakaupo at nanunungkulang bilang Punong Bayan ay isusulat ba bilang Kagalang-galang o Ginoo lamang. Pagpapaliwanag nito na ang ibang PAMB members ay isinulat ang pangalan ayon sa kani-kanilang katungkulan. Hindi nasagot ang katanungan ni PAMB member Albert A. Dimaano sa kadahilanang paghina bigla ng internet connection sa lugar.Sinabi ni RED Lormelyn E. Claudio na kakaiba ang pagkakagawa ng katitikan dahil ito ay nakasulat sa wikang Filipino. Sagot ni PASu Orlando R. Ramos kung bakit ito ay nakasulat sa wikang Filipino ay para sa dalawang Katutubo na Punong Balayan. Tama naman ang iyong sinabi PASu Orlando R. Ramos sagot ni RED.Kumento ni Dr. Josue C. Delfin sa linya na 153-154 sa pahina ay dalawang beses nabangit ang pangalan ni PAMB Member Hon. Menard Toriana. Nagkamali lang ng pagtype ng nasabing pangalan ito ay dapat sa katauhan ni PAMB member Hon. Domingo A. Tamayo Jr. sagot ni PASu Orlando R. Ramos. Meron pa bang karagdagan at kumento sa ating PAMB members. Wala na po sagot ni PAMB member Hon. Domingo A. Tamayo Jr. Sinabi ni PASu Orlando R. Ramos sa aking mga minanamahal na PAMB members doon sa ating prinisent meron po ba tayong mga comments o gusto pang maidagdag at mabago o katanungan sa katitikan na ito. Dahil wala ng kumento at karagdagan sa katitikan kung kaya't sa mungkahi ni RED Lormelyn E. Claudio na pinangalawahan ni PAMB Member Engr. John Rannel Dueñas ay pinagtibay ang iniwastong katitikan ng nakaraang pagpupulong noong ika Nobyembre 16,2021.

## 4. Pagpapatibay sa listahan ng nakahaing usapin o agenda (Order of Business)

Sinabi ni PASu Orlando R. Ramos na basahin ang nakahaing usapin o agenda ng pagpupulong upang ito ay maaprubahan na. Naatasan ni PASu Orlando R. Ramos si Forest Technician I Adelaido D. Taneo Jr. upang basahin ang nakahaing usapin o agenda para sa pagpupulong.



Scanned with CamScanner

Binasa ni Forest Technician I Adelaido D. Taneo Jr. ang agenda sa pagpupulong at inilahad ang paksa patungkol sa **Work and Financial Plan (WFP) CY 2022** na nakasaad dito.

Pagkatapos basahin at ilahad ni Forest Technician I Adelaido D. Taneo Jr. ang nakahaing agenda patungkol sa Work and Financial Plan (WFP) CY 2022 binasa naman ni Assistant PASu Pedro A. Marmol ang nakahaing usapin patungkol sa **Rectification (correction) of the PAMB Manual of Operation.**

**a. 6-2 Duties and Functions of PASu Paragraph 11, 12 and 13**
Collect and/or receive pertinent fees, charges, donations, and other income for the protected area. Provided, that such fees, fees charges, donations, and other income collected/received shall be reported regularly to the PAMB and the DENR in accordance with existing guidelines
Prepare and recommend to the PAMB approval of the annual work and financial plans of the protected area based on the management plan; and
Perform such other function as the PAMB and the DENR may assign.
**b. 7.3 Quorum Paragraph 2**
2. Online participation in PAMB en banc meetings is not encouraged, but online participation is allowed/accepted and is recorded as part of the quorum; the PAMB member can participate in the discussions but can't vote.
3. Deliberation and Review of Updating PAMP.
4. Assessment of PAMB for Performance of PAMO and PASu for CY 2021
5. Propose PAMB resolution for CY 2022

**A.** Kapahintulutan na bigyan ng pangalan ang bawat monitoring stations sa loob ng Protektadong Pook.
**B.** Kapahintulutan na magtayo ng isang Monitoring station sa Sitio ng Kalansan, Brgy. Alipaoy, Paluan, Occidental Mindoro.
**C.** Kapahintulutan na payagan ang DPWH na sementuhin ang kalsada sa loob ng Protektadong Pook
**D.** Kapahintulutan na payagan ang paglalagay ng (SWIS) Small Water Impounding System sa Sitio ng Hinugasan at Bulacan Brgy. Harison, Paluan, Occidental Mindoro.
**E.** Resolution na inaatasan ang MATAPAT na magbigay ng reports at video sa PAMO at sa bayan ng Paluan, Occidental Mindoro.
**F.** Kapahintulutan na magkaroon ng (SMP) Survey Mapping and Planning para sa (NGP) National Greening Program sa loob ng Protektadong Pook.
**G.** Kapahintulutan na payagan ang paglalagay ng (SWIS) Small Water Impounding System sa Sitio ng Hinugasan at Bulacan Brgy. Harison, Paluan, Occidental Mindoro.
**H.** Resolution na inaatasan ang MATAPAT na magbigay ng reports at video sa PAMO at sa bayan ng Paluan, Occidental Mindoro.

**J.** Pagtanggap o pagsang-ayon na ang mga (TCP Rangers) Tamaraw Conservation Program Rangers ay nakapaloob na sa (PAMO) Protected Area Management Office.

Scanned with CamScanner

**K.** Payagan na hatiin sa apat na grupo ang MCWS upang lalong mapabilis at maaksyunan ang pagbabantay sa Protektadong Pook.
**L.** Gawing sangkapat ang regular na pagpupulong ng mga membro ng PAMB 2022.
**M.** Kapahintulutan na magtanim ng mga Katutubong Puno sa Igmanukan lake, Sitio Natulo, Agbokbok Falls at ibabaw ng Calawagan river ang mga LGU Employee, Brgy. Officials, IPS at 4P's beneficiaries, Guro at PAMO staff CENRO and PENRO Staff.
**N.** Kapahintulutan na masukat ang buong strict Protection Zone ng MCWS ngayong 2022.
**O.** Kapahintulutan na masurvey ang lahat ng kweba sa MCWS Protected Area.
**P.** Kapahintulutan na masurvey ang bawat tituladong lupa sa loob ng Protektadong Pook upang magkaroon ng datos ang MCWS.

**Mga bagay o usapin na nagmula o nakalap sa nakahaing usapin o agenda**

Kumento ni MBCFI Director Grace Diamante sa usaping 7.3 Paragraph 2 na dahil current trend ang online participation ay siguro dapat baguhin ito "*Online participation in PAMB en banc meetings is not encouraged, but online participation is allowed/accepted and is recorded as part of the quorum; the PAMB member can participate in the discussions but can't vote.*"dahil pandemic ngayon hindi lahat active kaya dapat ang online participation, discussion, at online voting ay we should encourage. Sinabi ni RED Loremelyn E. Claudio meron bang kumento sa hinaing proposal ni MBCFI Director Grace Diamante patanong nito sa PAMB members. Sinabi ni PAMB member Albert A. Dimaano na ang manual of operation simula 2019 bago mag pandemic ito ay ginawa, pinag-usapan at pinag botohan at approved ng mga PAMB member by the time of pandemic at nakasaad doon na after 5 years pa bago ito mabago kung meron mang dapat baguhin dito. Sinabi ni RED Lormelyn E. Claudio na paki pahayag ito kung ito ba ay pinag sasangayunan ng lahat at magbigay kayo ng kumento sa sinabi ni PAMB member Albert A. Dimaano na gusto lang naman linawin ang Manual of Operation ay hindi naman sa hindi sinasangayunan baguhin pero nagpagusapan at pinagbotohan na ito dati na. Sinabi ni PAMB Member Engr. Anthony Dantis ay malabo ang dahilan kung bakit bumoto online, hindi naman sa ayaw namin kayong pabotohin ayaw lang natin na dumating yung panahon na hindi tayo nagkakaintindihan yung ganito nga hindi tayo nagkakaintindihan dahil sa mabagal na internet connection pano kapag meron pa tayong pagdedesisyonan. Kung hindi sana mahina o mabagal ang ating internet connection ay siguro maari pa. Sinabi ni RED Lormelyn E. Claudio meron ba tayong paraan para mapabilis ang ating internet connection. Sinabi ni PASu Orlando R. Ramos na sa ngayon ay ito talaga ang sitwasyon sa aming lugar. Sinabi ni RED Lormelyn E. Claudio pwede bang ayusin muna natin ngayon yung internet connection meron bang lugar na pwedeng lipatan para maging stable yung connection ng internet. Sinabi ni PENRO Erneto E. Tañada talagang internet connection talaga ang problema ng buong probinsya ng Occidental Mindoro sa ngayon at madami din umaalma dito. Sinabi ni MBCFI Director Grace Diamante kailangan natin tanggapin yung paagbabago kasi kung nagkakaintindihan naman sa diskasyon bakit hindi puwede sa pagboto. Sinabi ni RED Lormelyn E. Claudio sa susunod ang resolution ay ibibigay 2 linggo bago ito ihain sa pagpupulong para mabasa ng mga PAMB members at ang bawat isa ay may pagkakataon para ito ay basahin at pag-aralan. Dahil ito ay nabasa at napag aralan na ang Online Voting is

Scanned with CamScanner

considered at kung mahina ang internet connection written voting is considered at ipapakita sa screen ang mga boto. At ito ay sinangayunan ito ni PASu Orlando R. Ramos.

**LUNCH BREAK 12:20 pm**

Ganap na ika – 12:17 ng tanghali pansamantalang paghinto ng nasabing pagpupuplong upang bigyan daan ang pananghalian bawat isa na nasa pagpupulong.

Muling nagmungkahi si PASu Orlando A. Ramos na ipagpatuloy na ang pagpupulong sa ganap na ika 1:00 ng hapon at agad naman ito pinangalawahan ni PAMB Member Engr. John Rannel Dueñas.

Muli ng binuksan ang pagpupulong sa ganap na 1:12 ng hapon sa pangunguna ni Forester Nancy Dimayacyac at humingi ng suhestiyon sa mga kasapi ng pagpupulong para sa pagpapatuloy na pagtalakay sa paksa na hindi pa natapos.

Sa mungkahi ni Forester Nancy Dimayacyac na pwede maglagay ng kumento ang mga PAMB Member sa paunang kopya na binigay sa kanila. Sinabi ni RED Lormelyn E. Claudio na ituon ang pansin sa nasabing usapin upang matalakay ang mga mahahalagang usapin. Binigyan ng paliwanag ni Forester Nancy Dimayacyac ang Protected Area Management Plan (PAMP) patungkol sa short term at long term nito. Sinabi ni RED Lormelyn E. Claudio kung kailan ang simula ng plano nito. Pinaliwanag niya na ang proyektong ito ay magsisimula pa lamang sa taong 2026. Tanong din nito kung bakit hindi pa ngayong taon ito aksiyunan, inimungkahi din niya na dapat magsimula na ang PAMP para magkaroon na nang koordinasyon sa ibang ahensiya gaya ng DTI at TESDA para mapag-usapan ang livelihood opportunities. Tinanong din niya kung may resolusyon na ang mga ito. Sinabi ni PASu Orlando R. Ramos na meron at sa katunayan ang Derpartment of Agriculture ay may nakalaan na plantasyon na isasangkot nila ang kasoy na galing sa Palawan para mai-upgrade ang kasoy dito sa ating lugar. Sinabi niya rin na may mga plantasyon na dito sa lugar at nag-aani na,bagamat mababa ang presyo nito. Ito ang sinusubukan ni Forester Nancy Dimayacyac na magkaroon ng ibang mamimili ng kanilang produkto. Sinabi ni RED Lormelyn na dapat aralin muli ang resolusyon na meron na sa kasalukuyan at balikan muli ang mga nakaraang kapasiyahang nagawa ng MCWS-PAMO. Upang malaman din kung hindi nagiging operational ay ma-implement na ito para mapaganda ang kabuhayan. Tinanong ni RED Lormelyn kay PASu Ramos at sa mga PAMB Members kung meron na bang resolusyon na nagsasaad na ang board o samahan ay humihingi ng tulong sa DTI at TESDA para sa pagpapalawig ng kabuhayan. Sinabi ni PASu Orlando R. Ramos na ang dating coordinator ng Occidental Mindoro State University (OMSU) ay may natanggap na pondo sa Provincial at DTI. Ang University of Sto. Thomas (UST) ay tuturuan ang mga tao sa lugar na magkaroon ng pangkabuhayan at sinabi na mayroon na itong resolusyon at tamang-tama na nandito ang bagong Head ng OMSU na si Dr. Josue Delfin at sinabi nito na titingnan niya at natanggap niya. Sinabi ni RED Lormelyn na natanong niya lamang ito para kung wala pa itong resolusyon ay dapat mailagay sa plano. Sinabi ni RED Lormelyn na balikan ang usapin sa mga banta sa kalikasan at kung pano ito bibigyan ng solusyon. Sinabing kaya tayo nagpaplano para maprotektahan ang pinangagngalagaang pook kaya dapat pagtuunan ng pansin ang mga banta. Hiniling niya kay PASu Ramos na bigyan ng opinyon ang mga kapitan.



Scanned with CamScanner

Sinabi ni PASu Ramos na si PAMB Member Hon. Menardo Toriana ang may pinaka malawak na nasasakupan sa loob ng Mt. Calavite Wildlife Sanctuary. Sinabi ni PAMB Member Hon. Toriana na napakaganda ng mga plano at talagang pasok sa kumonidad ng mga IP's. Patungkol naman sa illegal logging, karamihan ng mga gumagawa nito ay mga katutubong walang kabuhayan kaya napipilitan sila mag uling. Ang mga inuuling naman ayon sa kanila ay ang mga puno na natumba ng bagyo. Sinabi niya din na napakaganda kung masusunod ang plano sapagkat maiiwasan ang pag-gawa ng iligal lalo na sa mga katutubo. Tinanong ni RED Lormelyn si PAMB Member Hon. Toriana kung ano ang maiibigay na suhestiyon na pangkabuhayan na pwede ipaabot sa DTI at TESDA. Sinabi ni PAMB Member Hon. Toriana na ang kasoy ay isa sa napakaganda dahil karamihan sa nakatira sa kanilang barangay ay may mga planatasyon ng kasoy, gayundin ang cassava. Sinangayunan ni RED Lormelyn ang suhestiyon ni PAMB Hon. Toriana at kung meron pang maiihaing suhestiyon ay mas maganda. Sinabi ni PAMB Hon. Toriana na ang mga katutubo ay marunong gumawa ng basket. Sinabi ni RED Lormelyn na kung may bumibili ng mga gawang basket ng mga katutubo. Sinabi ni PAMB Hon. Toriana ito ay nabibili at karahamihan dito ay nilalako sa bayan, kung may mga dayo sa kanila ito ay kanilang inaalok ng kanilang gawang produkto. Sinabi ni RED Lormelyn na kung sa pananaw ba nito ay mas nararapat na paliwigin ang kasalukuyang pangkabuhayan ng mga tao doon, tinanong din niya kung ano ang ginagamit na materyales sa pagawa ng kanilang produkto. Sinabi ni PAMB Member Hon.Toriana na ang materyales na ginagamit nila ay uway o rattan, sinabi niya ang usapin sa pulot at itanong na kung ito ba ay ipinagbabawal. Sinabi ni PENRO Ernesto E. Tañada na dapat mayroong permit na kinukuha dahil kung ito ay malakihang o pang komersyal ay kailangan makipagugnayan sa CENRO pero kung ito ay pang sarili lamang ay hindi na ito kinakailangan kuhaan ng permit. Sinangayunan ni RED Lormelyn ang sinabi ni PENRO Ernesto E. Tañada. Sinabi ni RED Lormelyn na hindi naman pinagbabawal pero ito ay kailangan ng permit, at kailangan gawing pormal na isaayos at tutukan ang mga plano na palawigin at pagandahin kung marami talagang bumibili nito,upang hindi na ito dalhin sa ibang lugar kaya dapat makipag-ugnayan sa tamang ahensiya ng pamahalaan. Sinabi ni PAMB Member Hon. Toriana ang suliranin patungkol sa baboy damo at unggoy sa kadahilanan na nakakasira ito ng mga pananim. Sinabi ni PENRO Ernesto Tañada na kinakailangan muna magsagawa kami ni PASU Ramos at CENRO Anastacio ng pag-aaral sa pook, at kung mapatunayan na ito ay nakakapinsala ay agad itong gagawan ng aksiyon. Sinangayunan ni RED Lormelyn ang sinabi ni PENRO Ernesto E. Tañada. Humingi si RED Lormelyn ng karagdagang suhestiyon sa iba pang PAMB Members. Sinabi ni PASU Ramos na maaring tanungin ang dalawang punong balayan na kasama natin sa pagpupulong ngayon. Bumati si PAMB Member Punong Balayan Piling Villanueva ng magandang hapon sa lahat. Humingi ito ng kung ano ang maaaring maging solusyon patungkol sa dumaraming bilang ng baboy damo at unggoy na nakakapansila sa kanilang mga panamim.Humiling ito na mabigyan sila ng pangkabuhayan na maari nilang pagkakitaan upang maiwasan ang mga iligal na gawain. Suhestiyon nito na magandang pangkabuhayan ang cassava sa kanilang lugar. Sinangayunan ni PENRO Tañada ang suhestiyon ni PAMB Member Piling Villanueva, dagdag nito na ang pagtatanim ay hindi bawal ang ipinigbabawal ay ang pagputol ng kahoy at paguuling. Sinabi ni PAMB Member Hon. Tamayo na magandang mabigyan ng pangkabuhayan ang mga katutubo upang maiwasan ang mga iligal na gawain ng mga ito. Suhestiyon nito na ang pagbibigay ng tulong para



Scanned with CamScanner

makapagtanim ng sibuyas at mais ay ilan lamang na maaring maibagay na tulong, inimungkahi din niya ang usapin tungkol sa nakakapansilang baboy damo at unngoy ang maagang pag aksiyon dito dahil kung hindi ito ay patuloy na makakapaminsala. Sinabi ni PENRO Tañada na ipapatupad ng mas maaga kung mayroon ito sa nakaraang resolusyon at kung wala naman ito ay idadagdag sa kasalukuyang para ito ay maaksiyunan. Sinabi ni PAMB Member Albert Dimaano na maganda na napaguusapan ang implimentasyon ng mga pangkabuhayan at sinabi nito na nagkaroon ng imersiyon ng mga gumawa ng thesis patungkol dito pero hindi niya alam kung bakit hindi pa naiisagawa ang pagpapatupad nito. Sinabi ni PENRO Tañada na babalikan ang mga nakaraang resolusyon para ito ay pag-aralan. Sinabi ni PAMB Member Punong Balayan Florante Guilagid na ang pagtatanim ng kalamansi ay isa rin na magandang maging pangkabuhayan nilang mga katutubo. Sinang ayunan naman ito ni PAMB Member Hon. Tamayo. Sinabi ni PAMB Member Piling na mayroong dalawang lugar sila na maaring gawing plantasiyon ng cassava at mais ngunit mahirap ang daanan dito kaya hinihiling nila na madugtungan ang kalsada. Sinabi ni PAMB Member Hon. Tamayo na mayroon ng plano sa pagsasagawa ng mga kalsada. Ipinabatid ni PENRO Tañada na iyon lamang ang mga PAMB Members. Sinabi ni RED Lormelyn na kailangan balikan ang mga nakaraang resolusyon upang malinawan. Napansin niya ang time frame sa pagpapatupad ng plano ay masyadong matagal at dapat maaksiyunan agad at dagdag nito kung mayroon pang suhestiyon ang mga kapitan ito sabihin kay PASu Ramos upang maisama. Sinabi nito na magkakaroon ng espesyal na pagpupulong upang mapagpagusapan ng maayos ang nakahaing resolusyon.

**Assessment of PAMB Members for PASu and PAMO**

Hiningi ni PASu Orlando R. Ramos ang kumento ng mga PAMB Members sa naging pagganap sa kanilang tunkulin. Sinabi ni PAMB Member Hon. Tamayo na sa tatlong PASu na nagdaan ay si PASu Ramos ang kaniyang pinakagustuhan sapagkat ito ay maaksiyon sa kaniyang mga tungkulin bilang PASu. Sinabi ni PAMB Member Hon. Toriana na maraming ng nagdaan na magagaling na PASu pero si PASu Orlando A. Ramos ay talagang ipinakita ang kanyang dedikasyon sa kaniyang trabaho na kahit gabi ay talagang aaksiyon. Sinangayunan naman ito ng mga PAMB Members.

Minungkahi ni RED Lormelyn na magkaroon ng Radio Program para mas mapadali ang pagpapabatid ng mga usapin na makakatulong sa pangangala sa Protektadong pook. Sinabi ni PASu Ramos na mayroon ng kasulukuyang Radio Program sa Radyo Kapalayawan ng Paluan.

**6.Pagtatapos ng pagpupulong**

Ang pagpupulong ay natapos sa ganap na ika-5:19 ng hapon, sa mungkahi ni RED Lormelyn E. Claudio, na pinangalawahan ni OMSU Director Josue C. Delfin at idineklara na tapos na ang pagpupulong at ipagpapatuloy ang usapin sa nakahaing resolusyon sa itatakdang espesyal na pagpupulong.



Scanned with CamScanner

Inihanda ni:

**JAN ERICK F. TAGUMPAY**
Tagatala ng PAMB
Park Ranger
MCWS-PAMO

Sinuri at pinatutunayan:

**ORLANDO R. RAMOS**
Punong Tagatala
Protected Area Superintendent
Mt. Calavite Wildlife Sanctuary

Pinatotohanang Wasto/Pinagtitibay:

**LORMELYN E. CLAUDIO, CESO IV**
Punong Tagapangulo
The Regional Executive Director
DENR MIMAROPA Region

Napag-alaman:

**LORMELYN E. CLAUDIO, CESO IV**
Ang Punong-Konseho ng PAMB
The Regional Executive Director
DENR MIMAROPA Region

438

Scanned with CamScanner